Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-14 NG DISYEMBRE, 2020.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

## KAPASYAHANG PANLUNGSOD BLG. 268-2020

**ISANG KAPASYAHANG PANLUNGSOD NA NAGPAPAABOT NG MARINGAL NA PAGKILALA AT PAGBATI ANG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NG MALOLOS SA PANGUNGUNA NG MABUNYING PUNONG LUNGSOD - INH. GILBERT T. GATCHALIAN AT NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD SA PAMAMAGITAN NI KGG. NOEL G. PINEDA, PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD SA MGA MAG-AARAL AT GURO NG DIBISYON NG LUNGSOD NG MALOLOS, NA NAGSIPAGWAGI SA REGIONAL SCHOOL PRESS CONFERENCE (RSPC) NA GINANAP NOONG IKA-26 AT 27 NG NOBYEMBRE, 2020.**

**Pangunahing May-Akda: KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
**Kamay-akda: KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KGG. ENRICO C. CAPULE, KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KGG. EDGARDO S. DOMINGO, KGG. MIGUEL CARLOS SOTO AT KGG. DIONISIO C. MENDOZA**

**SAPAGKAT,** noong ika-26 at 27 ng Nobyembre, 2020 ay isinagawa ng Kagawaran ng Edukasyon ang taunang Regional Schools Press Conference (RSPC) bilang pagtatanyag sa kagalingan at talento ng bawat mag-aaral sa larangan ng pamamahayag;

**SAPAGKAT,** ang Lungsod ng Malolos ay bahagi ng 15 dibisyong bumubuo sa Rehiyon 3 na nakibahagi sa tagisan ng galing sa pagsulat ng balita, pagsulat ng balitang isports, pagsulat ng pangulong tudling, pagsulat ng lathalain, pagkuha ng larawan, pagtatama at pagwawasto, pagguhit ng pangulong tudling, desktop publishing at TV and Radio Broadcasting;

**SAPAGKAT,** nagkamit sina Isabella Aguinaldo - Feature Writing English, Secondary, Marcelo H. Del Pilar National High School (MHPNHS), Alicia Mae S. Salamat - Feature Writing Filipino, Secondary, MHPNHS at Geoff Kristoff M. Javier - Sports Writing Filipino, Elementary, CMIS-Babatnin ng unang gantimpala at sinugkit ang gintong medalya sa patnubay ng kanilang gurong tagapayo na sina G. John Lester Zamora, Gng. Jocelyn M. Manahan at G. John Philip T. Tan;

**SAPAGKAT,** nagwagi naman si Kent Cedric P. Ramos - Newswriting Filipino, Secondary, Marcelo H. Del PIlar National High School (MHPNHS) ng pangalawang pwesto at naiuwi ang silver medal sa patnubay ng kanilang gurong tagapayo na si G. Paolo F. De Guzman;

**SAPAGKAT,** napagtagumpayan naman nina Adriel Yohann C. De Guzman - Photojournalism Filipino Elementary, Barasoain Memorial Integrated School (BMIS) at Aizen Jhade T. Bautista - Editorial Writing Filipino Secondary, CMIS-Babatnin ang ikatlong karangalan at nasungkit ang bronze medal sa patnubay ng kanilang gurong tagapayo na sina Bb. Jennifer F. De Guzman at Bb. Alma B. Ocampo;

**SAPAGKAT,** ang karangalang kanilang napagtagumpayan ay nagpapamalas ng kagalingan ng bawat mag-aaral ng dakilang Lungsod ng Malolos na lalong naglagay sa lungsod sa mataas na pedestal sa larangang ito;

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

**SAPAGKAT,** ang tagumpay na ito ay tagumpay din ng dakilang Lungsod ng Malolos na dapat ipagbunyi at ipagmalaki;

**SAPAGKAT,** pangunahin sa adhikain ng Pamahalaang Panlungsod ang pagtataguyod ng mataas na antas ng edukasyon na siyang pamana ng ating henerasyon sa susunod pang mga henerasyon;

**KUNG KAYA'T** sa kahilingan ni **Kgg. Nino Carlo C. Bautista** na sinang-ayunan ng lahat, ay

**IPINASIYA,** gaya ng dito'y ginagawang pagpapasya na ipinapaabot ang maringal na pagkilala at pagbati ng Pamahalaang Panlungsod Ng Malolos sa pangunguna ng mabunying Punong Lungsod - Inh. Gilbert T. Gatchalian at ng Sangguniang Panlungsod sa pamamagitan ni Kgg. Noel G. Pineda - Pangalawang Punong Lungsod sa mga mag-aaral at guro ng dibisyon ng Lungsod ng Malolos na nagsipagwagi sa Regional School Press Conference (RSPC) na ginanap noong ika- 26 at 27 ng Nobyembre, 2020.

**PINAGTIBAY.**

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**
KASANGGUNI

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP**
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*12142020